# ANG KATOTOHANAN AY IISA (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang unang bahagi ng lohikal na argumentong nagpapatunay na ang katotohanan ay tiyak at walang kaugnayan, sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga moral at mga kaasalan sa iba't-ibang mga oras at mga lugar.

**Kategorya:** Mga Artikulo Katibayan na Islam ang Totoo Lohikal na mga Patunay

**Ni:** M. Abdulsalam (© 2006 IslamReligion.com)

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 10 Aug 2025



Madalas kapag tinatalakay ang relihiyon, maririnig ng isa ang pahayag na walang sinuman ang may karapatang manghusga sa paniniwala ng iba, o na ang relihiyon ay isang pribadong bagay para sa tao at hindi tayo maaaring magsabi na mali ito o tama. Sa buong kasaysayan, ibinatay ng lipunan ang kanilang batas at mga alituntuning pangmoralidad sa "mga ganap na katotohanan" na pinaniniwalaan nilang "tama", at ito marahil ay resulta ng panlabas na teksto na itinuturing na pinakadakila, o ng kaugaliang natagpuan sa likas na katangian ng mga tao na naging dahilan para makita nila ang ilang mga bagay bilang tama at ang iba naman bilang masama. Ang mga tao, sa limitadong lawak, ay makikita ang isang bagay bilang mabuti at masama. Halimbawa, lahat ng tao, na iniwan sa kanilang natural na estado na walang kabuktutan sa pag-iisip, ay makikita ang dumi at ihi bilang marumi. Gayundin, ang ilang mga gawain, tulad ng pagnanakaw, pagpatay at pagsisinungaling ay kilala din bilang kasamaan, habang ang katotohanan, katapatan at karangalan ay tinitingnan na marangal. Ito ang resulta ng katangian na nilikha sa lahat ng tao, ngunit tulad ng nabanggit, ang kakayahang ito ay limitado.

Kapag sinabi ng isa na wala silang karapatan na husgahan ang paniniwala ng iba at gawain, sila ay sa katunayan, sumasalungat sa kanilang sarili. Kapag tatanungin mo ang karamihan sa mga tao kung katanggap-tanggap ang pag patay sa sanggol o pagpapakamatay, natural nilang isasagot na hindi. Ngunit pag titingnan natin ang ilang mga lipunan, tulad ng mga relihiyon na matatagpuan sa Gitnang Amerika, ang pag patay sa sanggol ay nakikitang paraan upang mapalapit sa kanilang mga diyos. Sa kasalukuyan, sa relihiyong Hindu, kapuri-puri para sa isang asawang babae na patayin ang sarili pagkatapos ng kamatayan ng kanyang asawa. Kung tunay silang naniniwala na ang relihiyon ang isang bagay na iniiwan sa indibidwal at walang may karapatan na manghimasok o manghusga sa kanila, kung ganoon ay kakailanganin ding pahintulutan ang pagpatay sa mga sanggol na isang bagay na tama sa mga naniniwalang ito ay kapuri-puri, at ang mga tao ay walang karapatang husgahan sila.

Kung dadalhin natin ang isyung ito sa indibidwal na antas, makikita natin na bawat tao ay may kanya-kanyang pananaw sa kabutihan at kasamaan, batay man ang pananaw na ito sa relihiyon, batas, kultura, o indibidwal na pagmumuni-muni. Maaaring naniniwala ang isa na perpektong katanggap-tanggap ang gumawa ng pangangalunya o pagtataksil sa asawa habang maaaring isipin ng iba na mali ito. Maaaring naniniwala ang isa na ipinahihintulot para sa kanila ang magpakasawa sa mga narkotiko yamang ito ay kanilang sariling katawan, at ang iba ay maaaring maniwala na ito ay isang krimen. Walang makakapag sabi na tama o mali ang isang bagay, at lahat ng tao ay maiiwan sa kanilang sariling pagpapasya na maniwala at gawin kung ano ang “tama” sa kanilang pananaw.

Kapag ipapatupad natin ang paniniwalang ito sa lipunan, magkakaroon tayo ng komunidad na naka batay sa anarkiya (kawalan ng pamahalaan), kung saan walang batas ang magagawa at maipapatupad, sapagka’t ang batas ay batay sa prinsipyo na ang ilang bagay ay mabuti at ang iba ay masama. Kapag sasabihin ng isa na mayroong ilang mga katotohanan na napagkasunduan ng lahat ng tao na pwedeng gamitin sa pag-ayos ng batas, ang pahayag na ito ay totoo na may ilang limitasyon, katulad ng sinabi natin na lahat ng tao ay may natural na katangiang malaman ang tama sa mali sa isang limitadong pakiramdan. Ngunit tulad ng nakikita, ang katangiang ito ay kadalasang nababaluktot dahil sa kapaligiran, sikolohikal o mga pang relihiyong kadahilanan, sa mga tiyak na gawaing ito kung saan sa isang panahon ay nakikita itong masama at imoral na sa kalaunan nakikita ito bilang tama at katanggap-tanggap, at ang ibang mga bagay na hindi naaayon sa kalikasan ng tao ay nakikita bilang susi sa kaligtasan. Ito ay malinaw na mapapansin sa demokratikong mga lipunan kung saan binabatay nila ang batas sa nakakarami. Makikita nating maraming bagay ang isinasaalang-alang na malinaw na tahasang di makatwiran o imoral ay sa ngayon tanggap na ng lipunan, sa sukdulang kapag ang isa ay may pinanghahawakang ibang opinyon tungkol sa isyu, sila ay nakikitang hindi kabilang sa lipunan.

Sa kadahilanang ito, hindi maaring iwanan ang mga tao ayon lamang sa kanilang kusa na isabatas kung ano ang tama at mali. Kahit sa lipunan na may iisang relihiyon kung saan itinalaga ang paghihiwalay ng relihiyon sa estado, bagamat sila ay may kasunduan sa mga ganoong bagay na pinanatili mula sa kanilang relihiyon, malaki ang pagkakaiba nila sa pagsaalang-alang kung ano ang itinuturing na tama at mali sa kanilang mga lipunan. Ang itinuturing na ligal na edad sa pagbibigay ng pahintulot sa pakikipagtalik sa Pransiya ay itinuturing na panggagahasa sa Amerika. Habang ang pagpapalaglag na ligal sa isang bansa, ito ay krimen sa iba, at kung ang homosekswalidad ay nakikitang tanggap na paraan ng pamumuhay sa isang lipunan, ito ay nakikitang matinding kasalanan sa iba.

Kaya kung sasabihin natin ngayon na ang katotohanan ay ganap na tiyak at iisa at hindi kaugnay sa bawat indibidwal at lipunan, ang susunod na katanungan ay ano ang mga moral na nagpapahiwatig ng katotohanan at kung sino ang magpapasya sa kanila? Ano ang mga batas na kailangang ipatupad sa lipunan? Kailangan ba silang pagpasyahan ng mga abogado at hukom na naabot ang antas ng “ligal na kaliwanagan”, mga pulitiko na kadalasang gumagawa ng mga desisyon para sa kanilang sariling benepisyo o

benepisyo ng kanilang sariling mga bansa, o mga pilosopo na nalaman ang pangkalahatang katotohanan sa pamamagitan ng kanilang sariling pagmumuni-muni? Tulad ng nakita kanina, hindi maaring iwanan ang mga tao sa pag gawa ng desisyon sa mga isyu na ito, dahil baka mag resulta ng mga sakuna, tulad ng nakikita ngayon sa mga lipunan na maraming sakit. Ang Nag-iisang may karapatan na magsabatas ng tama at mali ay ang Isang naglikha sa atin at ang may kaalaman ng pinakamabuti para sa atin, at iyan ay ang Diyos. Ang Diyos ang lumikha sa sanlibutan at ang Diyos ang magtatakda ng sukat ng katarungan. Ang Diyos na perpekto at ang Diyos na siyang walang kamalian o ano paman.

Karamihan ng ating diskusyon ay ukol sa pakikitungo sa mga isyu ng paniniwala na sumasaklaw sa moralidad at mga gawa, ngunit ang mas mahalaga ay iyong mga paniniwala ukol sa paniniwala sa Diyos, at ito ay tatalakayin sa susunod na artikulo.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/8/ang-katotohanan-ay-iisa-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.